

Ang Pagkatakot sa Dios Yugto 16

Awit 103 - Mga Pagpapala ng Dios sa mga May Takot sa Kanya

“1 Purihin mo ang Panginoon, Oh kaluluwa ko: at lahat na nangasa loob ko ay magsisipuri sa kaniyang banal na pangalan. 2 Purihin mo ang Panginoon, Oh kaluluwa ko, at huwag mong kalimutan ang lahat niyang mabubuting gawa. 3 Na siyang nagpapatawad ng iyong lahat na mga kasamaan; na siyang nagpapagaling ng iyong lahat na mga sakit; 4 Na siyang tumutubos ng iyong buhay sa pagkapahamak: na siyang nagpuputong sa iyo ng kagandahang-loob at malumanay na mga kaawaan: 5 Na siyang bumubusog sa iyong bibig ng mabuting bagay; Na anopa't ang iyong kabataan ay nababagong parang agila. 6 Ang Panginoon ay nagsasagawa ng mga matuwid na gawa, at ng mga kahatulan na ukol sa lahat na naaapi. 7 Kaniyang ipinabatid ang kaniyang mga daan kay Moises, ang kaniyang mga gawa sa mga anak ni Israel. 8 Ang Panginoon ay puspos ng kahabagan at mapagbiyaya, banayad sa pagkagalit at sagana sa kagandahang-loob. 9 Hindi siya makikipagkaalit na palagi; ni kaniya mang tataglayin ang kaniyang galit magpakailan man. 10 Siya'y hindi gumawa sa atin ng ayon sa ating mga kasalanan, ni gumanti man sa atin ng ayon sa ating mga kasamaan. 11 Sapagka't kung paanong ang mga langit ay mataas kay sa lupa, gayon kalaki ang kaniyang kagandahang-loob sa kanila na nangatatakot sa kaniya. 12 Kung gaano ang layo ng silanganan sa kalunuran, gayon inilayo niya ang mga pagsalangsang natin sa atin. 13 Kung paanong ang ama ay naaawa sa kaniyang mga anak, gayon naaawa ang Panginoon sa kanilang nangatatakot sa kaniya. 14 Sapagka't nalalaman niya ang ating anyo; kaniyang inaalaala na tayo'y alabok. 15 Tungkol sa tao, ang kaniyang mga kaarawan ay parang damo: kung paanong namumukadkad ang bulaklak sa parang ay gayon siya. 16 Sapagka't dinadaan ng hangin, at napaparam; at ang dako niyaon ay hindi na malalaman. 17 Nguni't ang kagandahang-loob ng Panginoon ay mula ng walang pasimula hanggang sa walang hanggan sa nangatatakot sa kaniya, at ang kaniyang katuwiran ay hanggang sa mga anak ng mga anak; 18 Sa gayong nagiingat ng kaniyang tipan, at sa nagsisialaala ng kaniyang mga utos upang gawin, 19 Itinatag ng Panginoon ang kaniyang luklukan sa mga langit; at ang kaniyang kaharian ay nagpupuno sa lahat. 20 Purihin ninyo ang Panginoon, ninyong mga anghel niya: ninyong makapangyarihan sa kalakasan na gumaganap ng kaniyang salita, na nakikinig sa tinig ng kaniyang salita. 21 Purihin ninyo ang Panginoon, ninyong lahat na hukbo niya; ninyong mga ministro niya, na nagsisigawa ng kaniyang kasayahan. 22 Purihin ninyo ang Panginoon, ninyong lahat na mga gawa niya, sa lahat na dako na kaniyang sakop; purihin mo ang Panginoon, Oh kaluluwa ko.” (Awit 103:1-22 KJV)

Itinuro sa atin ni David sa awit na ito ang dahilan para matakot sa Panginoon at sundin ang Kanyang mga utos. Sinimulan niya ang kanyang awit sa isang panawagan ng papuri, *“1 Purihin mo ang Panginoon, Oh kaluluwa ko: at lahat na nangasa loob ko ay magsisipuri sa kaniyang banal na pangalan. 2 Purihin mo ang Panginoon, Oh kaluluwa ko, at huwag mong kalimutan ang lahat niyang mabubuting gawa.” (Awit 103:1-2 KJV)* Pinapaalalahanan ni David ang kanyang sarili at pinasigla ang buong bahagi ng kanyang katawan, ang kanyang kaluluwa at kanyang diwa para papurihan ang Dios.

Si David sa kanyang isinulat at ginawa ay isang mabuting halimbawa at mabuting pagkukusa para sa atin upang gawin din ito. ** Ating simulan ang bawat araw ng ating buhay nang pagpupuri sa Dios. Ating pununin ang bawat sandali ng ating buhay ng papuri, pagpapasalamat at pasasalamat sa PANGINOON para sa lahat ng Kanyang ginawa at gagawin sa atin. * Huwag nating kalimutan ang lahat ng mga pakinabang na natanggap at natamasa natin sa ating buhay. Ating tipunin ang lahat ng magagandang alaala ng mga himala at kababalaghan at mabubuting gawa na ipinakita sa atin ng Panginoon. * Ating papurihan Siya, magpasalamat sa Kanya at paglingkuran Siya nang may pagpipitagan, at matakot sa Kanya sa lahat ng ginawa at ginagawa Niya sa atin, at tulad ng mababasa natin dito, “28 Kaya't pagkatanggap ng isang kahariang hindi magagalaw, ay magkaroon tayo ng biyayang sa pamamagitan nito ay makapaghahandog tayong may paggalang at katakutan ng paglilingkod na nakalulugod sa Dios.” (Hebrew 12:28 KJV)*

Iba't iba at maraming dahilan ang nag uudyok sa atin hindi lamang upang purihin ang Dios kundi matakot sa Kanya. Marami sila'y nagpupuri sa Dios ngunit hindi sila natatakot sa Kanya. Iyon ay hindi tama at kung ang mga ito ay magpapatuloy na samantalain Siya sa ganoong masamang paraan, isang araw malalaman nila na Siya ay umalis sa kanila at inalis ang ibinigay Niya sa kanila. Kaya, maging may kamalayan na kung magpapatuloy ka sa iyong mga kasalanan kung gayon balang araw haharapin ka ng Dios. Kaya, tayo'y maging marunong at mabuhay sa pagkatakot sa Kanya para sa lahat ng Kanyang kaawaan, biyaya at kabutihan na ipinapakita Niya sa atin tulad ng mababasa natin dito:-

1) *“2 Purihin mo ang PANGINOON, Oh kaluluwa ko, at huwag mong kalimutan ang lahat niyang mabubuting gawa.” (Awit 103:2 KJV)* Dapat magkaroon tayo ng mabuting isipan upang alalahanin ang lahat ng ibinigay sa atin ng Panginoon, at lahat ng mga pakinabang na tinanggap natin mula sa Kanya. **Ang ating personal na ugnayan sa Dios ay lubos na nakakaapekto sa atin ng maraming pribilehiyo. Ibinigay sa atin ng Dios**

ang lahat ng kailangan natin para sa buhay at kabutihan, samakatuwid mabuting alalahanin ang lahat ng Kanyang kabutihan at katapatan at iyon ang magpapalakas sa atin at aakay sa atin na matakot sa Kanya.

2) **“3 Na siyang nagpapatawad ng iyong lahat na mga kasamaan; na siyang nagpapagaling ng iyong lahat na mga sakit; 9 Hindi siya makikipagkaalit na palagi; ni kaniya mang tataglayin ang kaniyang galit magpakailan man. 10 Siya'y hindi gumawa sa atin ng ayon sa ating mga kasalanan, ni gumanti man sa atin ng ayon sa ating mga kasamaan.”** (Awit 103:3, 9-10 KJV) Ang Dios ay tapat, Tatanggapin Niya tayo kapag nagpasya tayong bumalik sa Kanya at magsisi mula sa ating mga kasalanan at pagkukulang. Ito ang pangako ng Panginoon na sinasabi sa atin, **“Kung ipinahahayag natin ang ating mga kasalanan, ay tapat at banal siya na tayo'y patatawarin sa ating mga kasalanan, at tayo'y lalinisin sa lahat ng kalikuan.”** (1 Juan 1:9 KJV) Patatawarin ng Dios ang ating mga kasalanan kapag tayo'y nagsisi at tinalikdan natin ang mga kasalanan. Kaya samantalain mo ngayon ang pagkakataon na magsisi at talikuran ang lahat ng iyong mga kasalanan. Nililinis din tayo ng Dios at dinalisay tayo; ang dugo ni Jesus ay nagpapatawad at naglilinis sa atin mula sa mga kasalanan, sapagkat, **“12 Kung gaano ang layo ng silanganan sa kalunuran, gayon inilayo niya ang mga pagsalangsang natin sa atin.”** (Awit 103:12 KJV) Nilinis din ng dugo ni Jesus ang ating budhi mula sa kasalanan upang makapaglingkod tayo sa Dios gaya ng mababasa natin dito: **“14 Gaano pa kaya ang dugo ni Cristo, na sa pamamagitan ng Espiritu na walang hanggan ay inihandog ang kaniyang sarili na walang dungis sa Dios, ay maglilinis ng inyong budhi sa mga gawang patay upang magsipaglingkod sa Dios na buhay?”** (Hebrew 9:14 KJV) Sa gayong kaawaan ng Dios patungo sa atin sa pagpapatawad sa ating mga kasalanan at paglilinis sa ating mga budhi, tayo'y magalak at kusang loob na matakot sa Kanya upang ang Kanyang awa ay patuloy na makarating sa atin at dumaloy sa ating buhay, sa ating katawan, sa ating kaluluwa, at espiritu; sapagkat dakila ang habag ng Dios sa atin at gaya ng mababasa natin dito: **“11 Sapagka't kung paanong ang mga langit ay mataas kay sa lupa, gayon kalaki ang kaniyang kagandahang-loob sa kanila na nangatakot sa kaniya.”** (Awit 103:11 KJV)

3) **“8 Ang Panginoon ay puspos ng kahabagan at mapagbiyaya, banayad sa pagkagalit at sagana sa kagandahang-loob.”** (Awit 103:8 KJV) * Ang Dios ay banayad sa pagkagalit dahil Siya ay mahabagin at puspos ng pagibig. * Kapag gumawa ka ng maling mga bagay at tahimik pa rin Siya hindi nangangahulugang na hindi Siya galit sa iyo. Banayad sa paggalit ay hindi nangangahulugan din na hindi Siya magagalit kung patuloy kang gumagawa ng masama. * Ang mga hindi natatakot sa Dios at patuloy na gumagawa ng masama bigla silang lilipulin. Samakatuwid kailangan mong matakot sa Dios upang mapigilan sa paggawa ng masama, at ang takot na iyon sa Dios ay hindi ipapahintulot na maisagawa sa iyo ang galit ng Dios.

4) **“na siyang nagpapagaling ng iyong lahat na mga sakit;”** (Awit 103:3 KJV) Ang lahat ng mga karamdaman ay mula kay Satanas, ang diablo. Kapag bumalik ka sa Dios sa pagsisisi sa pamamagitan ng pananampalataya kay JesuCristo na ating Panginoon, papatawarin tayo ng Dios sa ating mga kasalanan at pagagalingin ang ating mga karamdaman. Kinuha ni JesuCristo ang kaparusahan para sa ating mga kasalanan at sa pamamagitan ng Kanyang sugat sa krus ay nakuha natin ang pagpapagaling gaya ng mababasa natin sa Banal na Kasulatan: **“Nguni't siya'y nasugatan dahil sa ating mga pagsalangsang, siya'y nabugbog dahil sa ating mga kasamaan, ang parusa ng tungkol sa ating kapayapaan ay nasa kaniya; at sa pamamagitan ng kaniyang mga latay ay nagsigaling tayo.”** (Isaias 53:5 KJV) Ang Panginoong Jesucristo ay tiniis ang ating mga kasalanan sa krus at tinanggap natin ang pagpapagaling gaya ng mababasa natin dito, **“24 Na siya rin ang nagdala ng ating mga kasalanan sa kaniyang katawan sa ibabaw ng kahoy, upang pagkamatay natin sa mga kasalanan, ay mangabuhay tayo sa katuwiran; na dahil sa kaniyang mga sugat ay nangagsigaling kayo.”** (1 Pedro 2:24 KJV) Ang kagalingan kay Cristo ay nasasangkot ng parehong pisikal na pagpapagaling at espirituwal na pagpapagaling. Siya ang ating kalusugan, kagalingan at Siya ang ating katiyakan at katiyakan sa mga darating na araw. Kaya't patuloy tayong matakot sa Kanya at igalang ang Kanyang pangalan.

5) **“4 Na siyang tumutubos ng iyong buhay sa pagkapahamak: na siyang nagpuputong sa iyo ng kagandahang-loob at malumanay na mga kaawaan:”** (Awit 103:4 KJV) Iniibig tayo ng Dios, **“16 Sapagka't gayon na lamang ang pagsinta ng Dios sa sanglibutan, na ibinigay niya ang kaniyang bugtong na Anak, upang ang sinomang sa kaniya'y sumampalataya ay huwag mapahamak, kundi magkaroon ng buhay na walang hanggan.”** (Juan 3:16 KJV) Ang dugo ni Jesus na ibinuhos sa krus para sa kapatawaran ng ating mga kasalanan. Ang kabayaran ng kasalanan ay kamatayan, ngunit ang kaloob ng Dios ay buhay na walang hanggan kay Cristo Jesus na ating Panginoon. Binayaran ni Jesus ang kabayaran para sa ating mga kasalanan. Tinubos Niya tayo at pinalaya tayo mula sa kasalanan at kamatayan. May kaligtasan tayo kay Jesus at iniligtas tayo mula sa kamatayan, kasalanan, at mula sa gawa ni Satanas, ng demonyo at ng kapangyarihan ng kadiliman.

6) **“na siyang nagpuputong sa iyo ng kagandahang-loob at malumanay na mga kaawaan:”** (Awit 103:4 KJV) Mula sa Dios sa pamamagitan ni Jesus Cristo tinanggap natin ang pagibig, pangangalaga at kaawaan, dahil Siya ay may kaawaan sa Kanyang mga anak, sa mga nangangatakot sa Kanya gaya ng mababasa natin dito, **“13 Kung paanong ang ama ay naaawa sa kaniyang mga anak, gayon naaawa ang Panginoon sa kanilang nangatakot sa kaniya.”** (Awit 103:13 KJV) Ang pagibig ng Dios ay isang tunay na pagibig; kagaya ng pagibig ng mga magulang sa kanilang mga anak; kung paanong pinangangalagaan nila sila, pinapakain sila,

turuan sila, damitan sila at protektahan sila kapag sila'y may sakit o sa nasa kaguluhan, Ang Dios sa parehong paraan ay maawain sa mga nilikha Niya.

7) ***“5 Na siyang bumubusog sa iyong bibig ng mabuting bagay; Na anopa't ang iyong kabataan ay nababagong parang agila.” (Awit 103:5 KJV)*** Lagi tayong pinapanibago ng Dios ng mga bagong pagpapala at tinutugunan ang ating mga hangarin ng masasarap na pagkain at mga kapaki pakinabang na bagay na kikilos sa ating buhay upang magdala ng bagong kalakasan, kapanatagan, pag asa at pananampalataya sa Dios. Sa bawat umaga na gumigising tayo may inihanda ang Dios para sa atin ng isang pagpapala. Siya lamang ang makakapagpasiya sa atin. Siya ang nagbibigay sa atin ng pagkain na kailangan nating kainin na magbibigay sa atin ng lakas at mabuting kalusugan para sa paglalakbay sa araw na ito. Marami tayong maaaring matanggap mula sa mundo ngunit hindi tayo masisiyahan maliban ang Panginoon Mismo ang magbibigay sa atin. Maaaring marami tayong natatanggap na bagay mula sa mundo ngunit ang mga bagay lamang na natatanggap natin mula sa Dios ang makakapanumbalik at makakapagpabago sa atin at makapagpapasigla sa atin at magiging mga kabataan, malakas at sariwa at handa na para sa gawain sa araw na ito. Mahaba ang buhay ng agila, ngunit sa tuwing magpapalit siya ng balahibo ay nagbabago siya. **Kailangan natin ang Dios upang pasiyahin tayo ng mabubuting bagay upang ang ating lakas at kabataan ay mapanibago at manumbalik.**

8) ***“6 Ang Panginoon ay nagsasagawa ng mga matuwid na gawa, at ng mga kahatulan na ukol sa lahat na naaapi.” (Awit 103:6 KJV)*** Ang Dios ay kumikilos ng matuwid at kahatulan para sa lahat ng naaapi. Siya ang Dios ng kahatulan; bagama't sa sandaling panahon ay naroon ang kawalang-katarungan sa paligid mo, ngunit sa huli ay mananaig ang Kanyang kabutihan. **Ibibigay ng Dios ang anumang nararapat sa atin; ang lahat ng kinuha sa atin ay ibalik Niya sa atin. Kaya, kailangan nating matakot sa Kanya at sumunod sa Kanya dahil ang kahatulan sa huli ay magmumula sa Kanya.**

9) ***“Kaniyang ipinabatid ang kaniyang mga daan kay Moises, ang kaniyang mga gawa sa mga anak ni Israel.” (Awit 103:7 KJV)*** Nang ipinabatid ng Dios ang Kanyang mga utos kay Moises ibig sabihin nito ay ibinigay Niya kay Moises ang mga utos at tuntunin ng Dios at kung ano ang kailangang gawin ng bayan ng Dios sa bawat natatanging kalagayan sa kanilang buhay. Nang ipinabatid ng Dios ang Kanyang mga gawa sa mga anak ni Israel ibig sabihin nito na ang sinabi ng Dios sa Kanyang Salita ay tinupad Niya at patotohanan sa katotohanan. Kailangan talaga nating matakot sa Dios na nagbalangkas sa atin sa pamamagitan ng Kanyang Salita ng lahat ng bagay na kailangan nating gawin at pinagtibay iyon ng mga tanda, kababalaghan at himala, ***“7 Sapagka't anong dakilang bansa nga ang may dios na napakalapit sa kanila, na gaya ng Panginoon nating Dios kailan man tayo'y tumawag sa kaniya? 8 At anong dakilang bansa nga, ang may mga palatuntunan at mga kahatulang napaka-tuwid na gaya ng buong kautusang ito, na aking inilalagda sa harap ninyo sa araw na ito?” (Deutronio 4:7-8 KJV)*** Kaya, kailangan talaga nating matakot sa Dios upang tuparin Niya ang Kanyang ipinangako sa atin sa Kanyang Salita.

10) ***“14 Sapagka't nalalaman niya ang ating anyo; kaniyang inaalaala na tayo'y alabok. 15 Tungkol sa tao, ang kaniyang mga kaarawan ay parang damo: kung paanong namumukadkad ang bulaklak sa parang ay gayon siya. 16 Sapagka't dinadaan ng hangin, at napaparam; at ang dako niyaon ay hindi na malalaman.” (Awit 103:14-16 KJV)*** Ang ating Dios ay mapagsaalang-alang na Dios, Siya lamang ang lumikha sa atin, nalalaman Niya at naalala Niya na tayo'y alikabok, at sa pagharap sa atin ng Dios binibigyan Niya tayo ng konsiderasyon. Batid Niya na tayo'y may maikling buhay, katulad ng damo, at gaya ng mga bulaklak sa parang; na madali tayong mawala. Batid iyon ng Dios ngunit tayo mismo ay dapat huwag nating kalimutan na tayo'y alikabok lamang. Sa maraming pagkakataon ang tao ay mayabang at nakalimutan na siya ay alabok at hindi natatakot sa Dios. **Ang Panginoon ay maalalahanin sa atin, kaya kailangan nating matakot sa Kanya. Kailangan nating magpakumbaba sa Kanyang harapan; kapag Siya ay mapagmalasakit sa atin, mas kailangan nating maging masigasig at tapat sa Kanyang harapan; na kailangan nating gawin nang maayos ang ating mga pananagutan, at huwag gawin ang ating sariling kalooban at kung ano ang gusto natin.**

11) ***“17 Nguni't ang kagandahang-loob ng Panginoon ay mula ng walang pasimula hanggang sa walang hanggan sa nangatatokot sa kaniya, at ang kaniyang katuwiran ay hanggang sa mga anak ng mga anak;” (Awit 103:17 KJV)*** Ang mahabaging kaawaan ng Dios ay para sa mga nangangatokot sa Kanya. Kaya habang tayo'y natatakot sa Kanya at lumalakad sa Kanyang mga daan, ang Kanyang kaawaan at kabutihan ay hindi lamang aabot sa atin kundi makakaabot pa sa ating mga anak at sa anak ng ating mga anak. **Hindi natin matitiyak ang kinabukasan para sa ating mga anak ngunit matitiyak natin ang kasalukuyang buhay sa pamumuhay natin sa pagkatakot sa Panginoon, sa gayon Siya ang magtatakda ng kinabukasan para sa ating mga anak at mga anak ng ating mga anak.**

12) ***“19 Itinatag ng Panginoon ang kaniyang luklukan sa mga langit; at ang kaniyang kaharian ay nagpupuno sa lahat.” (Awit 103:19 KJV)*** Ang Dios ay may Kanyang luklukang inihanda at itinatag sa Langit para sa kahatulan. Ang lahat ng bagay at lahat ng kaharain ng lupa ay nasa ilalim ng Kanyang kontrol at

kailangan nating sumunod sa Kanya at sa Kanyang Salita. Ang pagkatakot sa Kanya ay pag iingat sa Kanyang tipan at pag alala na gawin ang Kanyang mga utos. Ang lahat ng mabubuting bagay na ipinaliwanag natin ay ipapagkaloob ng Dios sa mga nangangatakot sa Kanya. Ang mga nangangatakot sa Dios ay yaong masigasig na nag iingat ng Kanyang tipan at masigasig na sundin at ipamuhay ang Kanyang mga utos gaya ng mababasa natin dito: **“18 Sa gayong nagiangat ng kaniyang tipan, at sa nagsisialaala ng kaniyang mga utos upang gawin.”** (Awit 103:18 KJV) Kung gayon kung nais mong tanggapin ang lahat nga magagandang pagpapala ng Dios na ating sinalita at tinalakay sa mensaheng ito kung gayon kailangan mong matakot sa Dios at gawin ang lahat ng makakaya mo upang tumalima sa Kanyang Salita at mga utos.

Sa aking mahal at minamahal: Ang Panginoon habang hahatulan Niya ang sanglibutan Siya ay may mga hukbo ng mga anghel, Siya ay may mga naturang mga bagay na nilikha Niya at tatalima sa Kanyang utos upang ipatupad ang Kanyang kahatuan, at mayroon Siyang simbahan na kumakatawan ng Kanyang mga ministro na gumagawa ng Kanyang kalooban at kasiyahan. Kaya naman ang Mang aawit ay humiyaw sa kagalakan, **“20 Purihin ninyo ang Panginoon, ninyong mga anghel niya; ninyong makapangyarihan sa kalakasan na gumaganap ng kaniyang salita, na nakikinig sa tinig ng kaniyang salita. 21 Purihin ninyo ang Panginoon, ninyong lahat na hukbo niya; ninyong mga ministro niya, na nagsisigawa ng kaniyang kasayahan. 22 Purihin ninyo ang Panginoon, ninyong lahat na mga gawa niya, sa lahat na dako na kaniyang sakop; purihin mo ang Panginoon, Oh kaluluwa ko.”** (Awit 103:20-22 KJV) Samakatuwid ay tunay tayong matakot sa Kanya at gawing perpekto ang ating pagsunod na umaayon sa Kanyang mga utos, nakikinig sa tinig ng Kanyang Salita at namumuhay upang gawin ang Kanyang kalooban at upang mapasaya Siya.

Tayo ay manalangin...

Ang aking Panalangin: Amang Dios Ako ay lumalapit sa iyo sa pangalan ni Jesus, na namatay sa krus para sa aking mga kasalanan at nabuhay mula sa mga namatay upang bigyan ako ng walang hanggang buhay. Panginoon nagpapasalamat ako para sa lahat ng iyong kagandahang loob at ng iyong kaawaan sa akin. Panginoon salamat para sa kaligtasan na aking tinanggap sa pamamagitan ng pag-aalay ni Jesus na namatay sa krus para sa aking mga kasalanan upang bigyan ako ng walang hanggang buhay.

Ngayon ipagtapat at talikuran ang lahat ng iyong mga kasalanan, Ipagtapat ang iyong walang pagpapasalamat, at iyong kawalang kusang loob na sumunod sa Dios at tumalima na gawin ang Kanyang Salita at ang Kanyang kalooban. Ipagtapat ang iyong kawalan ng pangako at iyong kawalang kusang loob na sumunod sa Dios. Panginoon patawarin ako, Tinalikuran ko ang mga sumusunod na mga kasalanan

Panginoon ipinangako ko ang aking sarili na mabuhay sa pagkatakot sa iyo, pag iingat ng aking tipan at ng aking pangako sa iyo sa pagtalima sa iyong mga utos, pagtugon sa tinig ng iyong Salita sa pamunuhay ng aking buhay upang paluguran ka. Panginoon alalayan ako upang matagpuan akong karapat-dapat sa iyong paningin at hayaang patuloy akong maabot ng inyong mga awa at biyaya at maabot ang aking pamilya, mga anak, mga anak ng aking mga anak, at aking mga disipulo at ministeryo; ito ang aking panalangin sa pangalan ni Jesus, Amen.

Panginoon, salamat para sa akin mga kapatid na Lalaki at Babae na nagsisisi at muling ipinangako ang kanilang buhay sa iyo. Panginoon panumbalikin silang muli sa iyo at gamitin sila upang paglingkuran ka. Panginoon tulongan sila na magparami pa ng bunga ng Banal na Espiritu upang makita ng mga tao si Jesus sa kanilang buhay.

Panginoon bilang isang simbahan kami'y nagpapasalamat para sa lahat ng mga himala ay kababalaghan na ginawa mo sa aming kalagitnaan. Panginoon pagpalain kami bilang isang sambahan at itaas kami ng iyong biyaya at kaawaan. Panginoon ihanda kami at pasakdalín kami para sa iyong pagdating na kapag ikaw ay dumating ay kunin kaming kasama mo. Panginoon puspusin kaming muli ng Banal na Espiritu at ibigay sa amin ang espirituwal na mga kaloob na kailangan namin sa aming buhay upang magpatuloy at paglingkuran ka. Panginoon paging dapatin kami na abutin ang bagong mga tao ng evangelio ni Jesus at simulang turuan sila ng iyong Salita. Panginoon pangunahan kami upang gumawa ng bagong mga tao ng evangelio ni Jesus at sanayin ang bagong mga manggagawa at magtanim ng bagong pag aaral ng Bibliya at kapisanan para sa simbahan. Panginoon tuparin ang pananaw ng simbahan 'Pagpaparami sa kapayapaansa pagpapatupad ng buong kalooban ng Dios'. Panginoon pagpalain kami, palawakin ang aming lupain, sumaaamin nawa ang iyong kamay upang hindi naming madama ang sakit. Nawa ang biyaya ng Panginoong Jesus at ang pagibig ng Dios at ang pakikipagpisan ng Banal na Espiritu ay sumaaing lahat sa pangalan ni Jesus, Amen.

Ang Pagkatakot sa Dios Yugto 16. Awit 103 – Mga Pagpapala ng Dios sa mga Natatakot sa Kanya. Mga Awit 103:1-22. Mga Hebreo 12:28. 1 Juan 1:9. Hebreo 9:14. Isaias 53:5. I Ni Pedro 2:24. Juan 3:16. Deuteronomio 4:7-8.

Dr.Ramiz Khalaf
Ang Tagapamahala ng Simbahan
Simbahan ng Diyos
United Arab Emirates
Email: thebread1@gmail.com
Mobile Tel.#: 00971551902647

Tandaan: Ang Tinapay ng buhay ay lingguhang paghahayag mula sa Simbahan ng Diyos, United Arab Emirates. Sa karagadagang usapin at higit sa espirtual na pagpapalago maari mo kami bisitahin sa aming website sa: www.churchofgoduae.com

Ibahagi mo ito sa iyong mga kaibigan.

Nakikiusap ako na ibahagi mo sa amin ang iyong saloobin tungkol sa mensahe at

kung mayroon kang katanungan.

Kung mayroon kang kahilingan na panalagin, maari mong ipadala sa numero ng whatsapp: 00971551902647, o sa email na ito: thebread1@gmail.com.

Pakipadala ng iyong ikasapung bahagi, iyong unang bunga at iba ibang handog sa simbahan sa account na ito:

Pangalan ng Banko:
First Abu Dhabi Bank (FAB)
ACCOUNT NAME:
RAMIZ BAHNAM ABBO KHALAF
ACCOUNT NO:
1576003753162014
IBAN:
AE3803151576003753162014
SWIFT CODE:
NBADAEAACPU

O tawagan ako sa whatsapp numerong ito: 00971551902647 o sa email na ito: thebread1@gmail.com

Kung kailangan mo ng payo sa bahagi ng iyong buhay, kung ito'y tungkol sa pamilya, mga anak at pinansyal, malaya kayo makipagugnayan sa akin sa whatsapp na numerous: 00971551902647 o sa email na ito: thebread1@gmail.com